Ano ang dapat kong gawin kung magkakaroon ako ng sintomas pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19

Mga Matinding Allergic Reaction

Bihira lang ang mga matinding allergic reaction pagkatapos matanggap ang bakuna sa COVID-19. Nangangailangan ito ng **maagap pangangalagang medikal. Tumawag sa 9-1-1 kung sa tingin mo ay nagkakaroon ka ng matinding allergic reaction** pagkatapos umalis sa lugar ng pagbabakuna. Kabilang sa mga ito ang:

- Pakiramdam na sumasara ang lalamunan mo
- Humuhuni o naghahabol ng hininga
- Naduduwal, pagsusuka, o pagtatae
- Pagkahilo o nahimatay
- Mabilis na pintig ng puso
- Pamamantal, pangangati, o pamamaga ng labi, mukha, at lalamunan

Mga Karaniwang Ibang Epekto

Ang mga banayad na ibang epekto ay maaaring mangyari pagkatapos ng ilang araw, nagpapakita ito na gumagana ang katawan mo sa pagbubuo ng proteksyon. Kabilang dito ang:

- Pamumula, sakit, o pamamaga sa braso kung saan ka tinurokan
- Bahagyang lagnat, panginginig, pananakit ng ulo, o pagkapagod

Dapat ay mawala na ito pagkatapos ng ilang araw. Para maipaalam sa CDC ang tungkol sa anumang mga ibang epekto, puwede kang mag-sign up ng libre, kumuha ng smartphone tool sa **vsafe.cdc.gov.** Tumawag sa tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nababahala ka sa mga ibang epekto na nararanasan mo.

Mga Sintomas ng COVID-19

- Kung nagkaroon ka ng sintomas sa COVID-19, tulad ng lagnat, ubo, hirap sa paghinga, pamamaga ng lalamunan, o pagkawala ng panlasa o pang-amoy, manatili sa bahay at tumawag sa iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Maliban sa lagnat, ang mga sintomas na ito ay hindi inaasahang ibang epekto ng bakuna.
- Maaaring nalantad ka sa COVID-19 bago ka pa nabakunahan at ang mga sintomas ay ngayon lang lumabas. **Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna.**

Ang mga lugar sa pagbabakuna ay handang tumulong sa mga tao na nagkaroon agad ng mga allergic reaction. Manatili sa lugar ng pagbabakuna ng kahit 15 minuto pagkatapos mabakuna. Kung sa tingin mo ay nagkakaroon ka ng matinding allergic reaction pagkatapos umalis sa lugar sa pagbabakuna, tumawag sa **9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19, bumisita sa **vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine** o tumawag sa 877-ASK-VDH3.

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH